# Editoryal

Ang maglathala ng isang babasahin tungkol sa katutubong musika ng Silangan at Timog-Silangang Asya ay matagal nang balak ng mga mananaliksik sa musika sa Universidad ng Pilipinas at ng ilang musikologo sa Hapon, Indonesya at Vietnam. Ang proyektong ito ay hindi kaagad naisagawa dahil sa ilang suliranin: una, ang kakulangan ng masusing paghahanda ukol sa layunin; ikalawa, kung ano ang wikang dapat gamitin; at ikatlo, kung saan manggagaling ang salapi para sa pagpapalimbag. Gayunpaman, patuloy ang paghanap ng paraan upang mailahad ng mga artista, musiko, mananayaw, ***dalang*** at mga guro ng musikang Asyano ang kanilang opinyon at ideya hinggil sa kanilang katutubong musika na hindi alam ng mismong taga-iba't ibang bansa ng Asya.

Bunga ng pagsisikap na ito ang paglalathala ng MUSIKA. Tatalakayin nito ang musikang katutubo sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya, pati na ang bagong musika ng mga kontemporaryong kompositor sa Pilipinas at Asya. Gagamitin ang wikang Pilipino — o ang wikang batay sa maraming wika sa Pilipinas — at sasamahan ng malaganap na ginagamit na salitang Ingles at Kastila. Sa ganitong paraan inaasahang maiintindihan ng sinumang mambabasa mula sa Mindanao, Visaya at Luzon ang MUSIKA. At tuloy makapagbibigay ng basehang materyal para sa musikong Pilipino, lalo na sa mga guro ng musika. Ang punto ng layunin ng MUSIKA ay ang pagkakaroon ng madlang Pilipino ng pag-iisip, kaalaman at pakiramdam ng katutubong musika sa pamamagitan ng ating sariling wika.

Ilan sa mahahalagang nilalaman ng MUSIKA ay mga orihinal na pananaliksik na hindi pa nalathala. Ang mga kanta, instrumento at musikang gamit sa pagsasayaw, pag-aaliw at pagsamba ng mga Igorot, Bagobo, Manobo, Mandaya, T'boli, Magindanao, Tausug at iba pa ang siyang nais ipabatid sa bayang mambabasa. Sapagka't nasanay sa kanlu-

raning musika ang isang Pilipino, ipinapalagay niya na ang katutubong musika ay primitibo o musika ng mga taong walang pinag-aralan. Impluwensiya ang ganitong pag-iisip ng mga taga-Kanlurang sumakop sa atin, subali't hindi maunawaan ang ating kultura at musika. Bakit magiging mangmang ang isang mang-aawit sa Mindanao na nakakasaulo ng kantang tumatagal ng tatlo, apat o limang gabi, o ang isang musikong taga-Palawan na nakakapagtono ng mga instrumentong de-kuwerdas gaya ng *kudyapi* at *pagang?* Bakit magiging mangmang ang isang di marunong sumulat nguni't nakakakilala ng daan-daang punongkahoy, nakakatanda ng maraming pangalan ng mga ibon at bituin, nakakaalam ng iba't ibang lalim ng dagat, sari-saring simoy ng hangin at pagkukumpol-kumpol ng alapaap? Ngayon, sa pag-aaral at pagsusuri ng katutubong musika, nababahaginan tayo hindi lamang ng mayamang sining ng mga sinaunang Pilipino kundi pati na ng kanilang malawak na pananaw at malalim na pag-iisip.

Sa MUSIKA, mayroon ding mababasang hindi orihinal na pananaliksik nguni't may halaga namang tulad ng iba pang artikulo. Isang mabuting halimbawa ay ang pagpaksa sa musikang gamelan ng Indonesya na marami nang naiisulat, pero hindi pa abot sa kaalaman ng maraming Pilipino. Katulad ng kulintang sa Mindanao, nabibilang rin ang gamelan ng Java sa pangkat ng instrumentong tanso. Kaiba naman sa siglang dulot ng kulintang, mahinhin at panatag na damdamin ang nadarama sa pakikinig ng gamelan. Anupa't sa pagsasama sa MUSIKA ng artikulong naglalahad ng iba-ibang aspeto ng musika sa Indonesya, inaasahang maihahambing o maiuugnay ang musika ng Pilipinas sa musika ng iba pang bansa sa Timog-Silangang Asya.